

LESSON 15
CHILDREN OF PROMISE

GALACIA 4:21-31

Sabihin ninyo sa akin, kayong nagnanais mapasailalim ng kautusan, hindi ba ninyo naririnig ang kautusan? ²²Sapagkat nasusulat na si Abraham ay nagkaroon ng dalawang anak, isa mula sa aliping babae, at ang isa ay sa babaing malaya. ²³Subalit ang mula sa alipin ay ipinanganak ayon sa laman, at ang mula sa babaing malaya ay sa pamamagitan ng pangako. ²⁴Ang mga bagay na ito ay isang paghahambing, sapagkat ang mga babaing ito'y dalawang tipan. Ang isa ay si Hagar na mula sa bundok ng Sinai na nanganganak para sa pagkaalipin. ²⁵Ngayon, si Hagar ay bundok ng Sinai sa Arabia at katumbas ng kasalukuyang Jerusalem, sapagkat siya'y nasa pagkaalipin kasama ng kanyang mga anak. ²⁶Ngunit ang Jerusalem na nasa itaas ay malaya, na siyang ating ina. ²⁷Sapagkat nasusulat, "Magalak ka, ikaw na baog, ikaw na hindi nanganganak; bigla kang umawit at sumigaw, ikaw na hindi nakakaranas ng sakit sa panganganak; sapagkat mas marami pa ang mga anak ng pinabayaan kaysa mga anak ng may asawa." ²⁸At kayo, mga kapatid, tulad ni Isaac, ay mga anak ng pangako. ²⁹Subalit kung paanong inusig noon ng ipinanganak ayon sa laman ang ipinanganak ayon sa Espiritu, gayundin naman ngayon. ³⁰Subalit ano ang sinasabi ng kasulatan? "Palayasin ang aliping babae at ang kanyang anak, sapagkat hindi magmamana ang anak ng babaing alipin na kasama ng anak ng babaing malaya." ³¹Kaya, mga kapatid, hindi tayo mga anak ng babaing alipin, kundi ng babaing malaya.

PANIMULA

1. Basahin ang Galacia 4:21-31. Sa unang basa, sa tingin mo ba'y madaling intindihin ang sinasabi dito ni Pablo? Bakit?
2. Ano ang karaniwang reaksiyon o tugon natin kapag mahirap intindihin ang nabasang talata sa Bibliya? Ayon sa 2 Timoteo 3:16-17, bakit natin kailangang pag-aralan kahit na ang mga talatang katulad ng Galacia 4:21-31?

Tulay sa Pag-aaral: Mahirap intindihin ang argumento ni Pablo sa mga talatang ito dahil sinulat ito bilang tugon sa nangyayari sa mga iglesia sa Galacia halos 2,000 taon na ang nakararaan. Gayunpaman, dapat natin itong pag-aralan upang malaman natin kung ano ang nais sabihin ng Diyos para sa atin. Hindi man natin maipaliwanag ang bawat detalye ng talatang ito, ang pangunahing puntos ni Pablo ay mauunawaan natin:
Tayo ay hindi na dapat magpaalipin sa kautusan dahil tayo'y mga anak na malaya ayon sa pangako ng Diyos kay Cristo.

PAGSASALIKSIK

3. Basahin ang verse 21. Isalarawan ang kalagayan ng mga taga-Galacia. Sa paanong paraan nagiging katulad tayo ngayon ng mga taga-Galacia?
4. Basahin ang verses 22-23. Bakit sa tingin mo binalikan ni Pablo ang tungkol sa mga anak ni Abraham? Pag-usapan ang malaking pagkakaiba nina Sarah at Hagar; nina Isaac at Ismael (hindi binanggitan ang pangalan).
5. Sa paanong paraan tayo nagiging katulad ng kapanganakan ni Isaac ("ayon sa pangako")? Sa paanong paraan tayo nagiging katulad ng kapanganakan ni Ismael ("ayon sa laman" o "karaniwang paraan")?
6. Basahin ang verses 24-27. Isa-isahin ang mga paghahambing na ginawa ni Pablo kay Sarah at Hagar. Ano sa tingin mo ang magiging reaksiyon ng mga "Judaizers" sa sinasabing ito ni Pablo?
7. Basahin ang verses 28 at 31. Paano pinagkumpara ni Pablo ang mga taga-Galacia sa mga Judaizers? Ano ang mensaheng nais ipahatid ni Pablo dito?
8. Basahin ang verse 29 at 30. Isalarawan ang naging relasyon ni Sarah kay Hagar; ni Ismael kay Isaac. Ano ang dapat nating asahan na reaksiyon ng mga hindi tunay na Cristiano sa mga tunay na Cristiano? Ano ang dapat nating maging tugon sa anumang impluwensiya na makapaglalayo sa atin sa biyaya ng Diyos?

PAGSASABUHAY

9. May bahagi ba ng buhay mo ngayon ang ipinamumuhay mo nang hindi sang-ayon sa iyong kalagayan bilang tunay na anak ng Diyos? Ano ang itatalaga mo sa Panginoon na gawing pagbabago ayon sa napag-aralan natin ngayon?
10. Anong bagay sa buhay mo ang nakapaglalayo sa iyo sa pagtitiwala sa pangako ng Diyos at sa pananalig kay Cristo? Paano mo tutugunan ang ganoong pangyayari ayon sa napag-aralan natin ngayon?